REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-260

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG REKOMENDASYON ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA LOKAL NA PUNONG TAGAPAGPAGANAP (LOCAL CHIEF EXECUTIVE) NA MATALAGA SI G. ANANIAS P. SIMUNDAC BILANG BAGONG KONSEHAL NA KAHALILI KAY KGG. EPIFANIO A. ESPELETA NA BOLUNTARYONG NAGBITIW SA NASABING POSISYON.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa ngayon ay mayroong permanenteng bakante na umiiral sa Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa pamamagitan ng boluntaryong pagbibitiw ni Kgg. Epifanio A. Espeleta, na nag-file ng kanyang sertipiko ng pagkandidato para sa posisyong Pangalawang Punong Bayan ng binanggit na bayan para sa Mayo 11, 1992 na eleksiyon;

SAPAGKAT, ang Kgg. Epifanio A. Espeleta ay tumakbo at nanalo sa ilalim ng Partido ng Bansa Coalition sa ilalim ng ticket ng Punong Bayan Ignacio R. Bunye na kung saan ang partidong nabanggit ay di na umiiral at binuwag na;

SAPAGKAT, sa ilalim ng Seksiyon 7 ng Memorandum Circular Bilang 151 petsa Marso 25, 1992 na itinatakda na : " In case the permanent vacancy is caused by a Sanggunian member who does not belong to any political party, the local chief executive shall, upon the recommendation of the Sanggunian concerned, appoint a qualified person to fill the vacancy."

SAPAGKAT, ang kapakanan ng paglilingkod sa bayan ay nakasalalay at upang mapanatili ang patuloy na paglilingkod sa mga mamamayan ng Muntinlupa, lubhang kinakailangan at napakahalaga na magkaroon ng kaagad na bagong itatalaga ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO , ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ,Kalakhang Maynila ay pinagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na nirerekomenda ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa lokal na punong tagapagpaganap si G. Ananias P. Simundac, na kalakip dito ang bio-data, bilang bagong konsehal upang humalili kay Kgg. Epifanio A. Espeleta na boluntaryong nagbitiw sa nabanggit na posisyon.

PINAGTIBAY ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa , Kalakhang Maynila sa kanilang natatanging pulong na ginanap noong ika-14 ng Abril, 1992

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. CARLO G. TENSUAN
= Kasapi

KGG. REY E. BULAY
Kasapi

KGG. ROMAN E. NIEFES
Kasapi

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Kasapi

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Kasapi

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Kasapi

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Kasapi

KGG. NEMESIO O. MOZO
Kasapi

KGG. ROGER C. SMITH
Kasapi

KGG. VICENTE YU CHUA
(Kinatawan ng Sektor)
Kasapi

PINAGTIBAY :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts